

TAONG 2019: “TAON NG MGA KABATAAN”

Iniukol ng Inang Simbahan ang taong 2019 bilang “Taon ng mga Kabataan.” Ang mga kabataan ay lalong pinalalakas upang manindigan sa pananampalataya; pinatitibay upang makatugon sa panawagang maging banal at pinakikilos sa pag-ibig sa pagsunod kay Hesukristo.

Bukod sa karaniwang tema sa pagdiriwang ng Kapaskuha, kinikilala ang husay at ambag ng mga kabataan hindi lamang sa

Parokya kundi sa Simbahan sa kabuuan.

Nilalayan ng pagdiriwang na ito na mapalago ang pakikilahok ng mga kabataan sa Simbahan, mahubog ang kanilang pagkatao at mapalalim ang kanilang pananampalataya.

Ayon kay Jose Rizal, “Ang kabataan ang pag-asa ng ating bayan.” Kilalanin natin ngayong taon ang paglilingkod at patuloy na pakikisangkot ng mga kabataan sa ating Inang Simbahan at sa lipunan.



PAROKYA, NAGNINGNING SA PANAHOON NG KAPASKUHAN



Napuno muli ng mga makukulay na ilaw at palamuti ang Simbahan ng Barasoain sa panahon ng Kapaskuhan ngayong taong ito. Bukod sa mga naggagandahang mga dekorasyon, pinatingkad din ng Parokya ang selebrasyong ito sa pamamagitan ng pagtatanghal ng mga talento sa loob ng

makasaysayang Simbahan ng Barasoain.

Ang Simbang Gabi at Misa de Gallo sa Barasoain gaya ng mga nagdaang taon ay dinagsa ng mga mananampalataya. Dahil sa teknolohiya, ang banal na misa, kasama ang mga pagtatanghal ng iba’t ibang talento ay napanood, hindi lamang sa loob ng simbahan kundi maging sa Internet.

Isa rin sa mga tinutukan sa mga panahon ding ito ay ang Pamaskong Handog na kung saan nag-aalay ang mga mananampalataya ng ham, loaf bread, spaghetti at iba pang mga donasyon para sa mga mahihirap na nasasakupan ng Parokya.

Sa panahon ng Kapaskuhan, tayo ay inimitihan na maging pagpapala sa ating kapwa, hindi lamang pagbibigay ng mga materyal na bagay, kundi sa pamamagitan ng lalo’t hidit ang pagbabahagi ng sarili—sa pamamagitan ng pagiging “BIYAYA” sa mga dukha.

MGA NILALAMAN

Taong 2019: “Taon ng mga Kabataan”	1
Parokya, Nagningning sa Panahon ng Kapaskuhan	1
Parish Gift-Giving 2018: Matagumpay!	2
“Kapwa–Parokyano: Inspirasyon Ko Po Kayo”	2
Sa Biyaya ng Kaisahan at Kagalakan, Parokya ay Wagii!	3
Balik-Tanaw sa Taong 2018	4
Lingkod Lente ng Barasoain: Aktibo sa Parokya!	4
Mga Balitang Pamparokya	5
Barasoain: Bagong Pasyalan ng mga Siklista	6

PARISH GIFT GIVING 2018: MATAGUMPAY!

Muling nagsagawa ng “Parish Gift-Giving” ang Parokya. Ito ay taunang proyekto na nagnanais mabigyan ng tulong ang mga mahihirap na nasa loob ng nasasakupan ng Simbahan ng Barasoain sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga pang-Noche Buena.

Sinimulan noong buwan ng Setyembre ang pag-aalay ng mga mananampalataya tuwing misa ng mga pang-Noche Buena para sa nasabing gawain.

Ang pamamahagi ng mga nasabing donasyon ay pinangunahan ng mga kasapi ng Parish Pastoral Council, maging ng mga Kabataan at iba pang kasapi ng iba’t-ibang komisyon, samahan at kapatiran sa Parokya.

Bakas ang galak sa mukha ng halos 1,000 dukha na nabigyan ng pang-Noche

Buena. Sa sandaling panahon ay naibsan ang kanilang suliranin sa panahon ng Kapaskuhan. Ang mga nabigyan ay nabigyang pag-asa na maging sila ay magkakaroon ng pagkakataon na magdiwang ng Kapaskuhan ng hindi inaalala ang magiging gastos o kung paano sila magkakaroon ng pang-Noche Buena sa mahalagang okasyong ito.

Sa panahon ng Kapaskuhan ay nadama nila si Hesukristo na naging haing tupa na nagbigay pag-asa sa mga dukha. Gaya ni Kristo, ang simbahan ay nagpapatuloy sa Kanyang halimbawa sa pamamagitan ng pamamahagi ng tulong sa mga nangangailangan. Sa pamamagitan ng pagtutulongan, naipadarama ang tunay na diwa ng Pasko sa lahat.



Sa lahat ng nag-alay, maraming salamat po sa inyong ginintuang puso at bukas palad na pagtulong sa mga dukha. Hanggang sa muli.

“KAPWA-PAROKYANO: INSPIRASYON KO PO KAYO”

Sa panulat ni: Sis. Cynthia Manalaysay (Head, Commission on Formation)

Halos isa at kalahating dekada na ang inilagi ko sa isang tahimik at simpleng paglilingkod bilang Lektor sa ating Parokya. Sa loob ng mga taong yaon, hindi ko na mabilang ang mga araw ng pananambahan na ang aking mga kapwa-Parokyano ay tumawag ng aking pansin bago at matapos ang mga misa. Ilan sa kanila ay sadyang tumatak sa aking isip at damdamin na waring isang espesyal na paraan ng Diyos upang ipahayag ang Kanyang Kadakilaan! Narito at nais kong inyong tunghayan:

- Isang lalaking na-“stroke” at halos hila ang paa kung lumakad ang siyang naka-alalay sa kanyang bulag at may edad ng ama ang nagsisimba araw-araw. Larawan ito ng taimtim na pananalig sa Panginoon, walang maliw na pagtitiwala sa Kanyang kabutihan sa kabila ng mga karamdaman at kapansanan.

- Isang may edad nang babae ang regular na namumuno sa pagdarasal ng Santo Rosaryo tuwing ika-5:30 ng umaga... Anong sarap isipin kung paano niya inilalaan ang mga ginintuan at unang oras ng bawa’t umaga na ang kaulayaw ay si Hesus at ang Birheng Maria.
- Isang lay minister na 83 anyos na ang patuloy na naglilingkod sa ating Parokya ang minsan ay aking nakausap sa Sakristiya. May nag-iisang anak na noon ay magdodoktor sana subalit namatay sa aksidente. Tuwina ay may ngiti sa labi kung siya ay makausap ko, ngunit sa kabila pala nuon ay may malungkot na karanasan subalit may galak pa ring naglilingkod sa ating simbahan kung araw ng Linggo.

Ilan lamang sila sa mga taong nakapag-

papagaan sa aking kalooban, lalo na sa mga pagkakataon na dumaraan ako sa mga pagsubok sa buhay. Sa kanilang paglilingkod ay masasalamatin mo ang kagandahan ng buhay-pananampalataya na nalalangkapan ng taos-pusong pananalangin at pakikipag-ulayaw sa Panginoon sa simula ng bawa’t araw sa tulong ng pagdarasal kapiling ang Mahal na Birheng Maria at ang paglilingkod sa Diyos maging sa kabila man ng mga balakid at pagdurusa. Para sa akin, ito ay kapahayagan na ang maglilingkod sa Kanya ay isang tugon patungo sa Kanyang paanyaya sa isang buhay na banal... isang buhay na payapa at may galak sa pusong tanging sa Diyos umaasa, nananalig at nagtitiwala.

“....sa piling Mo’y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong Mo’y nagdudulot ng ligayang walang hanggan..” (Awit 16:11)

SA BIYAYA NG KAISAHAN AT KAGALAKAN, PAROKYA AY WAGI

Sa panulat nina: Bro. West Bartlett at Sis. Cynthia Manalaysay



c/o Bro. West Bartlett

Noong ika -17 ng Nobyembre, taong 2018 ay ginanap ang ika- 11 taong Pagdiriwang ng Toldang Tipanan sa Diyosesis ng Malolos at may temang “Maliliit na Sambayanang Simbahan sa Pangunguna ng Punong-Lingkod.” Ang pagdiriwang ay binigyang kulay ng isang programa sa estilong “Fiesta Republika” at ginanap sa St. Faustina Hall ng Divine Mercy National Shrine, Sta. Rosa, Marilao, Bulacan.

Ang maringal na selebrasyon ay binigyang buhay ng pagdalo ng mga haligi at pinuno ng Maliliit na Sambayanang Simbahan (MSS) ng Diyosesis ng Malolos tulad nina Reb. P. Roger Cruz (Direktor-OPBEC), Sis. Beth Magturo (Diocesan BEC Coordinator), Sis. Sonia Roque (BEC-Vicariate Coordinator) at mga paring taos ang suporta sa gawain at adhikain ng Simbahan sa larangan ng gawaing ito. Naging Panauhing Tagapagsalita ang Lubhang Kgg. Msgr. Manuel Garcia (Exec. Sec. CBCP-BEC), kung saan ay binigyang diin niya ang mahalagang papel ng BEC sa pagpapatatag ng Sambayanang Kristiyano at pagpapalaganap ng Salita ng Diyos

bilang tugon ng mga mananampalataya sa paanyaya ng Panginoon sa paglilingkod at pagpapadama ng pag-ibig sa ating kapwa. Sa pasimula pa lamang ng pagbabalangkas ng programa at mga paghahanda para sa Toldang Tipanan, ang Parokya ng Nuestra Senora Del Carmen—Barasoain Church, ay nagkaroon na ng

malalim na pakikibahagi sa katauhan ni Bro. West Bartlett - Tagapanguna ng Komisyon ng mga Layko at aktibong Tagapanguna sa mga gawain ng Bible Apostolate at BEC. Ang kanyang hindi matatawarang pagpupunyagi, ang pagtutulongan at pagkakaisa ng Pamunuan ng Komisyon sa Paghubog, sa pangunguna ni Sis. Cynthia Manalaysay at ang walang kapantay na pagsuporta ng ating Kura Paroko - Reb. P. Dario V. Cabral ay nakapagpadalo sa 188 katao mula sa tinatayang 24 na Buklod ng BEC sa ating Parokya.

Ang panahon, talento at pagkakaisang ipinamalas sa pagdalo sa Toldang Tipanan sa taong ito ay isang patunay na ang Diyos ay dakila at mapagpala, sapagkat ang Diyosesis ng Malolos ay naging Kampeon sa Festival Presentation sa kauna-unahang pagkakataon at ang delegado ng Parokya ng Nuestra Senora Del Carmen ay itinanghal naman na

“Early Birds.” Higit pa rito, ang ating minamahal at iginagalang na Kura Paroko - Reb. Padre Dars V. Cabral ay ginawaran ng Sertipiko ng Pagkilala bilang isa sa mga paring may lubos na suporta at pagtataguyod sa mga gawain at programa ng Maliliit na Sambayanang Simbahan o ang BEC, lalo pa at ating maaala-ala ang masigasig na pagtataguyod niya ng regular na pagdaraos ng “Street Mass” tuwing ikatlong linggo ng bawat buwan (kung saan katuwang din niya si Reb. Padre Ronald Rey Mangon - Parochial Vicar) at ang pagdaraos ng “Bible Study” tuwing Sabado ng gabi - mga patunay ng isang lingkod ng Diyos na tumatahak sa buhay-kabalan.

Matapos ang programa, lahat ng delegado ay umuwi, dala ang nag-uumapaw na kagalakan na bunga ng kaisahan at masiglang pakikilahok sa



c/o Bro. West Bartlett

Toldang Tipanan 2018. Sa Diyos po ang papuri at pasasalamat, gayundin sa paggabay at panalangin ng ating Mahal na Inang Birhen.

Mabuhay ang BEC! Mabuhay ang Parokya ng Nuestra Señora Del Carmen!

BALIK TANAW SA TAONG 2018:

ISANG TAONG HUMUBOG AT HUMAMON SA LAHAT

Maraming kaganapan ang naganap sa taong ito na bumago sa ating Parokya. Karamihan sa mga pagbabagong ito ay naganap upang mapabuti ang simbahan ngunit may mga pangyayari rin na sadyang nagpatatag sa samahan ng bawat isa lalong lalo na sa mga kapatiran at mga organisasyon.

Sa pagtatapos ng taon, nararapat nating balikan ang mga pangyayari na bumuo sa taong ito:

- Ang pagiging matagumpay ng Panahon ng Pagdiriwang ng Kuwaresma sa ating Parokya na kung saan, mga kilalang personalidad ang nakibahagi at nagbahagi ng kanilang mga hamon at kwento sa buhay.
- Ang isinagawang Pista ng Parokya na nagpatatag ng ating pananampalataya at nagmulat sa ating kamalayan bilang isang komunidad ni Maria.

- Ang mga programa tulad ng pag-aalay ng donasyon sa mga nasalanta noong panahon ng habagat, Pamaskong Handog, Concert for a Cause at maging ang mga pagtatanghal at pagpapatatag ng mga samahan tulad ng seminars, Marriage Encounter, etc.
- Ang pagsisimula ng Taon ng Kabataan.
- Ang pagpapatuloy ng mga programa tulad ng Bible Study, Kumpilang Bayan, Parish Recollection at marami pang iba.
- Ang pagpapagawa ng garden at ng mga pasilidad sa loob ng Simbahan ng Barasoain na ipinagpapatuloy upang mapagbuti ang paglilingkod sa mga mananampalataya.
- Ang muling paglalathala ng “Ang Eskapularyo” at ng iba pang mga

babasahin ng Parokya.

- Ang pagsusulong na mapalapit ang Parokya sa mga tao tulad ng misyon ng Basic Ecclesial Communities (BEC) at Social Services tulad ng Health Alert.
- Gayundin naman, may mga taong namaalam sa atin tulad ng mahal na Obispong Jose F. Oliveros
- Pinasasalamat din ang paglilingkod ni Fr. Clarence Chilewa sa ating Parokya.

Sa pagtatapos ng taong ito, marapat na magbalik tanaw tayo sa mga pangyayari, mga tao at mga naging bahagi ng mga pangyayari sa mga taong ito. Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw na ito, maraming aral ang mapupulot at maraming mga bagay ang mapagninilayan upang maging mas handa tayong harapin ang hamon ng Bagong Taon.

LINGKOD LENTE NG BARASOAIN: AKTIBO SA PAROKYA!



Ang pagkuha ng bawat eskena sa isang pangyayari ay may malaking gampanin sa pagpapahayag ng kahalagahan nito. Isa ito sa mga tinutugunan ng mga Lingkod Lente ng Parokya ng Nuestra Señora del Carmen—Simbahan ng Barasoain.

Kamakailan lamang ay inilunsad ng Commission on Social Communications (COSC) ang tinatawag na Lingkod Lente,

isang pangkat ng mga tagakuha ng mga litrato sa mga mahahalagang ganap sa simbahan. Layunin ng pangkat na ito na ipamulat sa sambayanan ang mga gawain at programa ng Parokya sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga mahahalagang eksena rito. Ang pangkat na ito ay pinangungunahan ni G. Christopher Arellano, ang opisyal na

photographer ng Parokya.

Ayon sa puno ng Kagawaran ng Social Media at Publications na si G. Alvin Zalzos, ang pagkakaroon ng maayos na mga litrato ay mahalaga hindi lamang dahil nais mo itong ipakita kundi upang magkaroon ito ng tatak sa mga nakakakita. Mas bibigyang atensyon ang isang litrato na may magandang kuha

kumpara sa hindi.

Tunay na mahalaga ang pagkakaroon ng maayos na kuha, kaya nagsusumikap ang mga kasapi nito na mapagbuti ang pagkuha, pag-edit at paglalathala ng mga nasabing litrato upang mas makabuluhan ang bawat programa at kwento ng mga nakikibahagi nito.

Mahalaga ang pagpapahayag upang maipakita ang layunin ng simbahan at ang ginagawa nitong mga programa para sa ikauunlad ng lipunan. Sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya, malikhaing sining at makabuluhang pakikipagtalastasan, ang papel na ginagampanan ng Parokya at ng Simbahan ay mas lalong naipakikilala sa mga mananampalataya dahilang upang maging aktibo sa pakikilahok sa mga gawaing pangkabanalan ng Simbahan

MGA BALITANG PAMPAROKYA



KUMPILANG BAYAN, ISINAGAWA SA PAROKYA

Maraming bata at kabataan ang nakibahagi sa Kumpilang Bayan na isinagawa nitong nakaraang Nobyembre 2018 sa Simbahan ng Barasoain. Ang nasabing gawain ay pinamunuan ng Apostolic Administrator ng Diyoses ng Malolos na si Obispo Honesto Ongtioco. Ang banal na gawaing ito ay isinagawa upang igawad ang Sakramento ng Kumpil na maghahanda para sa mga bata at kabataang ito na tanggapin ang Espiritu Santo sa kanilang buhay Kristiyano.

“AN EVENING IN DECEMBER,” IKATLONG KONSYERTO NG MUNTINIG

Ang ikatlong konsyerto ng Muntinig Children's Chorus, na may pamagat na “An Evening in December” ay itinampok para sa mga mananampalataya ng Simbahan ng Barasoain. Ito ay upang matunghayan ang talento ng mga batang mang-aawit sa Parokya at mabigyang pagkakataon na mahubog ang kanilang husay sa pag-aawit. Iba't ibang mang-aawit din ang kasama ng Muntinig tulad ng Bulacan Bel Canto Singers at Bulacan Concertante.




c/o Bro. West Bartlett

BARASOAIN, KINILALA SA TOLDANG-TIPANAN

Dahil sa masidhing pagtataguyod ng Basic Ecclesial Communities (BEC) sa mga nasasakupan ng Parokya, binigyang-pugay ang pagsusumikap ng Parokya ng Barasoain sa isinagawang Toldang-Tipanan sa Marilao, Bulacan nitong Nobyembre 2018. Binigyan din ng Sertipiko ng Pagkilala ang Kura Paroko ng Barasoain na si Reb. P. Dario V. Cabral dahil sa kanyang pagpursigi at pagsasagawa ng mga banal na gawain gaya ng Bible Study sa makasaysayang Simbahan ng Barasoain tuwing Sabado ng gabi.

“SIMBANG GABI 2018: YEAR OF THE YOUTH”, INILUNSA

Upang mas lalong mapalalim ng mga mananampalataya ang pag-unawa sa mga aral ng Simbang Gabi noong Kapaskuhan, inilabas ng Parokya ang akda ni Reb. P. Dario V. Cabral na pinamagatang “Reflections for Simbang Gabi 2018: Year of the Youth.” Ang aklat na ito ay nagtataglay ng mga pagninilay mula mismo sa Kura Paroko ng Barasoain kaugnay ng naganap na pagdiriwang ng Simbang Gabi. Ang nasabing aklat ay maaaring mabili hangga't mayroong kopya sa Opisina ng Parokya sa halagang PHP 200.00.



BARASOAIN, BAGONG PASYALAN NG MGA SIKLISTA



kanilang pagpunta sa simbahan, marami sa kanila ang namangha sa ganda at pagiging banal ng simbahan. Marami rin sa mga siklistang ito ang unang beses na dumayo sa simbahan at sa unang pagkakataon ay nasilayan ang makasaysayang kaligiran na nagtatak sa Parokya sa mga aklat ng kasaysayan.

Hindi lamang paisa-isa ang mga dumarayo na nagbibisikleta rito, marami sa kanila ay mga organisadong pangkat. Ginagawa nila ang nasabing gawain upang mapasaya at mapanatili ang kanilang kapatiran sa bawa't isa. Bukod dito, isinusulong din ng mga gawaing ito ang kanilang mga adbokasiya.

Ang kanilang adbokasiya sa pagbibisikleta ay hango sa mga kabutihang naidudulot ng pagbibisikleta sa katawan ng tao. Nakatutulong ang nasabing gawain upang mapabuti ang pangangatawan, mapababa ang *blood pressure* at mapanatili ang maayos na pagtimbang. Isa rin ang pagbibisikleta sa paraan ng pag-

eehersisyo at maraming pag-aaral na ang nagpatunay sa mga kabutihan na dulot ng pagbibisikleta.

Karaniwan sa mga siklista na dumarayo sa simbahan ay nagdarasal at nagsisimba sa kanilang pagpunta. Marami rin sa mga siklistang ito ang nagpapabendisyon para sa kanilang kaligtasan. May ilan namang kusang-loob na rin na nagbibigay ng donasyon sa Parokya bilang pasasalamat. Ang kanilang pagdayo ay hindi lamang



para sila ay masiyahan kundi para na rin sa pagpupugay sa Panginoong Diyos. Tunay na maaaring magpuri sa Panginoon ng buong puso at pag-iisip habang nasisiyahan at naisasagawa ang hilig na may pagpupuri sa Kanyang ngalan.

ANG ESKAPULARYO

EDITOR IN CHARGE: ALVIN V. ZALZOS

CONTRIBUTORS: CHRIS O. ARELLANO, MARY GRACE CALUAG, JEFFREY RIVERA, WEST BARTLETT, CYNTHIA MANALAYSAY AND ATTY. EDEN C. BAUTISTA

ADVISER: REV. FR. DARIO V. CABRAL

DEPARTMENT OF SOCIAL MEDIA AND PUBLICATIONS

COMMISSION ON SOCIAL COMMUNICATIONS—BARASOAIN CHURCH
MALOLOS CITY, BULACAN | 044-794-4340 |
www.barasoainchurch.org



SPONSORS

ANG PAHAYAGANG ITO AY NAILATHALA DAHIL SA KABUTIHANG LOOB NG MGA SUMUSUNOD:

SUB-PARISH PASTORAL COUNCIL—SAN GABRIEL | ATTY. EDEN C. BAUTISTA | PARISH COMMISSION ON YOUTH—BARASOAIN